




Paghahanda para sa sakuna:

Pagprotekta sa mga babae at lalaki sa mga sakuna.



Paunawa – isang malakas na bagyo ang paparating sa ating paaralan. Mangyari po lamang na mag-ingat at lumikas sa pinapakamalapit at ligtas na lugar.

Minsan wala ako sa tabi ninyo kapag may dumating na kalamidad. Kaya napaka-importante na tayo ay magplano para rito.

Ton at Fah, maging alerto sa mga mahahalagang anunsyo at impormasyon dahil makakatulong ang mga ito upang maging ligtas tayo.

Pero ligtas naman po kami kapag kasama kayo, Inay.



Pero meron namang mga nakakatanda sa kalye na pwedeng tumulong!



Palaging tandaan na hindi ligtas lumapit kung kani-kanino lamang! Laging maghanap ng mga opisyal ng komunidad: pulis, doktor, nars, guro, mga mangagagawa ng Red Cross, o inyong kapitbahay na kakilala.

Tulad ng ating nakagawian sa ating tahanan, dapat alam ninyo ang aking mobile number, address, at kung paano puntahan ang inyong lola, tiyo, at tiya kung ako'y hindi ninyo matawagan. Tutulungan din kayo ng inyong mga paaralan upang kayo ay maging ligtas.



Ton, tulad ng habilin ni Nanay, maari natin sundin ang mga opisyal tulad nila, alam nila kung anong gagawin para magtago tayo mula sa bagyo!



Si Ton ay naitulak ng isang matanda at natumba.






Lagi ninyong pangalagaan ang mga bata! Dahil lamang maliit sila sa inyo ay nangangahulugang sila ay hindi na importante. Sa katunayan, ang mga bata ay nangangailangan ng espesyal na pangangalaga. Responsibilidad nating mga nakakatanda na siguraduhin ang kanilang kaligtasan.




Paumanhin po, Ginang. Ayos ka lang ba bata?



Pakiusap po, doktor! Mangyaring alagaan niyo ang mga batang ito.





Ang mga sumusunod ay ilan lamang sa mga mahahalagang mensahe na dapat nating tandaan upang mapangalagaan ang mga bata tuwing may kalamidad. Pag-aralan ang mga ito ng mabuti, dahil ang mga ito ay maaring magdulot ng malaking tulong para sa iyo at iyong pamilya!

Pangunahing Mensahe

- Ang lahat ng mga batang babae at lalaki ay kailangang protektahan
- Unahin ang pagproteksyon sa mga bata sa paghahanda at pagtugon sa mga kalamidad
- Tiyaking alam ng mga nakakatanda at mga bata kung paano pangaalagaan ang mga bata, at paano sila makahihingi ng tulong kapag kailangan nila ng proteksyon
- Ipatupad ang mga local at praktikal na interbensyon upang maprotektahan ang mga bata.

Philippine Red Cross
Philippine Red Cross National Headquarters
37 EDSA Corner Boni Avenue
Mandaluyong City, Metro Manila 1550 Philippines
Hotline: 143 Trunkline: +63 (02) 790-2300

Made possible with the support of

A Canada-ASEAN
project. Funded by

Canada

In partnership with



International Federation
of Red Cross and Red Crescent Societies



**CANADIAN
RED CROSS**

